

KIAN Kumusta Kawasaki



Inilalathala sa wikang Ingles, Intsik, Koreano, Espanyol, Portugal at medaling Hapon.

Matatagpuan ang isyu sa HP (<http://www.kian.or.jp/hlkws.html>). :

Asosasyong Pandaigdig ng Kawasaki

〒211-0033, 2-2 Kizuki Gion-cho, Nakahara-ku, Kawasaki-shi, Kanagawa Ken <http://www.kian.or.jp/>

Tel: 044-435-7000

Fax: 044-435-7010

E-mail : kiankawasaki@kian.or.jp



Sa lahat ng Dayuhan ! Nakapagparehistro na ba Kayo ng bagong 「Residence card」 ?

Mula noong ika-9 ng Hulyo, 2012 ay nabago na ang sistema ng residency management at dahil dito, kinakailangang papalitan ang hawak na alien card registration ng 「residence card」.

At ang takdang panahon na magtatapos ay nitong ika-8 ng Hulyo, 2015. Kaya't sa mga hindi pa nakapagpapalit ng bagong 「Residence card」 mangyari lamang na madaliin na ang pag aaply

Maaring punuan o pila ang mangyayari kapag malapit na ang takdang buwan ng pagtatapos kaya naman pinapayo naming na agahan ang pag aaply.

1. Lugar na pag aaplayan : pinakamalapit na imigrasyon sa inyong lugar o sangay nito.

2. Panahon ng pag aaplay : hanggang Hulyo 8, 2015

※mula ngayon ay maaari nang mag aaplay.

3. Kinakailangang dalhin sa pag aaplay : ang hawak na 「alien card registration」、Tiket (kung imbitado/invitation visa)、larawan na sukat(4cm×3cm) 1 piraso



HP ng imigrasyon : <http://www.immi-moj.go.jp/keiziban/pdf/kirikaenoosirase.pdf>

Para sa mga Dayuhan

Masaya at Kapaki-pakinabang na wikang Hapon

★Group lesson, batay sa bilang ng katao

★ Matututunan ang Kultura ng bansa at mga lugar, at mayroon ding pagtitipon para maunawaan ang tungkol sa Fire disaster.

Pang umagang Kurso: tuwing Martes at Biyernes • 9:50~11:50

Unang Semestre	Abril 24(Biyernes)~Hulyo 14 (Martes)	(22beses)
Ikalawang Semestre:	Septyembre 15(Martes)~Disyembre 4 (Biyernes)	(22beses)
Ikatlong Semestre:	Enero 19, 2016(Martes)~Marso 15 (Martes)	(17beses)



※May paalagaan ng bata. (1 taon pataas)

Pang gabing Kurso : Tuwing Miyerkoles

• 18:30~20:30

Unang Semestre: Abril 15~Hulyo 15 (12 beses)

Ikalawang Semestre: Septyembre 2~Disyembre 9 (14 beses)

Ikatlong Semestre: Enero 13, 2016~Marso 9 (9 na beses)

※ Walang
Paalagaan ng
bata.

Sumusunod ka ba?

Patakarang trapiko ng Pagbibisekleta

Bisekleta!! kahit sino ay malayang sumakay nito, Konbinyente, pero sa kabilang parte, hindi nababawasan ang nangyayaring aksidente tungkol sa pagbibisekleta. Noong 2014, ang aksidente ng bisikleta sa syudad ay umabot sa bilang na 1,097, sa kadahilangang walang ingat o manner sa trapiko ang mga gumagamit nito.

Mayroong multa na 50,000 ¥ pababa sa mga sumusunod; sa mga gumagamit ng celfon habang nagbibisekleta, sa mga nakaheadphone, at pati na rin ang mga nakapayong habang nagbibisekleta. Dumarami

din ang kaso na kinakailangang magbayad ng mataas na halaga ng multa depende sa pangyayaring aksidente. Kaya't habang sumusunod tayo sa traffic rules ay kumuha tayo ng "seguro" (insurance) tungkol sa aksidente.



5 Patakarang na dapat tuparin!!



1. Hindi sa sidewalk kundi sa kalsada ang daanan ng bisekleta.
2. Sa bandang kaliwa ng kalsada lang tayo dapat magbisekleta.
3. Paunahin ang mga naglalakad sa sidewalk at slow down tayo sa gilid ng kalsada.
4. Kailangang sundin ang safety rules

◆bawal magmaneho ng nakainom (alak, beer) ◆sundin ang trapiko, sa tawiran tumigil at siguraduhin muna bago tumawid ◆bawal may angkas (liban sa bata o mama charingko), gumamit ng ilaw (light) sa gabi ◆bawal magpaligsahan ng tulin (karera)

5. Kailangan maghelmet ang bata.

[Makipag ugnayan]: Mamamayan sa mga bata • Istasyon ng Regional Safety Promotion Division

[TEL]: 044-200-2266 **[FAX]:** 044-200-3869

「Pagpapayo sa mga Dayuhan sa Asosasyong Pandaigdig ng Kawasaki」

Magsangguni kapag may problema at may bagay na nais malaman . .

Libre po!!

• Oras ng Pagpapayo (umaga 10 ~ 12, Hapon 1 ~ 4)

Telepono 044-435-7000

Wika	Araw
Ingles	Lunes ~ Sabado
Portugal	Martes • Biyernes
Koreano	Martes • Huwebes

Wika	Araw
Intsik	Martes • Miyerkoles • Biyernes
Espanyol	Martes • Miyerkoles
Tagalog	Martes • Miyerkoles



Libreng Pagpapayo sa mga Dayuhan (interbyu)

• Kawasaki Ward Office

Wika	Araw	Oras
Ingles	Una at Ikatlong Huwebes	14:00 ~ 16:30
Intsik	Una at ikatlong Martes	14:00 ~ 16:30
Tagalog	Una at Ikatlong Martes	9:30 ~ 12:00

• Asao Ward Office

Wika	Araw	Oras
Ingles	Una at ikatlong Huwebes	9:30 ~ 12:00
Intsik	Una at ikatlong Martes	9:30 ~ 12:00
Tagalog	Una, ikatlong Miyerkoles	14:00 ~ 16:30

* Libreng konsultasyon sa Gyousei Shoshi (wikang Hapon) Lugar: Int'l. center 2F...conference room

Petsa: ika -19 ng Abril (Linggo) pm 2:00 ~ 4:00 (Kailangan ang reserbasyon sa interpreter.

May bayad)